

ATTACHMENT A-1: Form sa Pag-screen ng Mga Tauhan

(Setyembre 16, 2020)

Ang anumang negosyo o entity na pinapayagang magpatakbo sa San Francisco sa panahon ng COVID-19 pandemic ay DAPAT mag-screen ng Mga Tauhan gamit ang mga tanong sa ibaba sa arawang batayan bilang bahagi ng pagsunod sa Protokol sa Social Distancing at DAPAT ibigay ang impormasyong ito sa Mga Tauhan. Pumunta sa www.sfcddcp.org/screening-handout para sa higit pang impormasyon o para sa isang kopya ng form na ito. Huwag gamitin ang form na ito para mag-screen ng mga customer, panauhin, o bisita. Available ang form sa pag-screen para sa Mga Hindi Tauhan sa www.sfcddcp.org/screeningvisitors Ang mga kautusan o direktiba ng Opisyal sa Kalusugan ay posibleng mayroong karagdagang kinakailangan sa screening.

Bahagi 1 – Dapat mong sagutan ang mga sumusunod na tanong bago simulan ang iyong trabaho bawat araw na magtatrabaho ka.

Posible kang atasang ibigay ang mga sagot nang personal o sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono o iba pang electronic na paraan sa Negosyo bago mo simulan ang bawat shift. Kung magbabago ang anumang sagot habang nasa trabaho ka, abisuhan ang Negosyo sa pamamagitan ng telepono at umalis sa lugar ng trabaho.

- | |
|--|
| 1. Sa nakalipas na 10 araw, na-diagnose bang may COVID-19 ka o sumailalim ka ba sa isang pagsusuring nagkukumpirmang mayroon ka ng virus? |
| 2. Sa nakalipas na 14 na araw, nagkaroon ka ba ng “Close Contact” sa isang taong na-diagnose na may COVID-19 o sumailalim sa isang pagsusuring nagkukumpirmang mayroon siya ng virus habang nakakahawa siya [†] ?

† Kapag sinabing “Close Contact,” ibig sabihin, nagawa mo at ng taong may COVID-19, habang nakakahawa siya, ang alinman sa mga sumusunod na uri ng contact [‡] :
<ul style="list-style-type: none">• Tumira ka sa kanya o nagpalipas ka ng gabi sa kanya• Nakaalikal mo siya• Inalagaan mo siya o inalagaan ka niya• Nakaugnayan mo siya nang may distansyang wala pang 6 na talampakan, sa loob ng mahigit sa 15 minuto• Direkta kang nailantad sa mga likido o secretion mula sa kanyang katawan (hal., naubuhan o nabahingan ka) habang hindi ka nakasuot ng face mask, gown, at guwantes
‡ Pagiging Nakakahawa: Itinuturing na nakakahawa ang mga taong may COVID-19 48 oras bago magsimula ang kanilang mga sintomas hanggang sa 1) hindi bababa sa 24 na oras na silang walang lagnat, 2) bumuti na ang kanilang mga sintomas, AT 3) hindi bababa sa 10 araw na ang lumipas mula nang magsimula ang kanilang sintomas. Kung hindi kailanman nagkaroon ng mga sintomas ang taong may COVID-19, ituturing na nakakahawa siya 48 oras bago ang kanyang pagsusuri na nagkukumpirmang mayroon siyang COVID-19, hanggang sa 10 araw makalipas ang petsa ng pagsusuring iyon. |
| 3. Naranasan mo ba ang alinman o higit pa sa mga sintomas na ito ngayong araw o sa nakalipas na 24 na oras na bago sa iyo o hindi maipapaliwanag ng iba mong kundisyon?
<ul style="list-style-type: none">• Lagnat (100.4°F/38.0°C o mas mataas), panlalaming, paulit-ulit na pangiginig/pangangatog• Ubo• Pananakit ng lalamunan• Pangangapos ng hininga, hirap sa paghinga• Hindi pangkaraniwang panghihina o pagkahapo• Kawalan ng panlasa o pang-amoy• Pananakit ng kalamnan o katawan• Pananakit ng ulo• Sipon o baradong ilong• Pagtatae• Pagduruwal o pagsusuka |

Kung “OO” ang sagot mo sa ALINMAN sa 3 tanong na ito, huwag pumasok sa anumang negosyo o pasilidad, at sundin ang mga hakbang na nakalista sa Bahagi 2 sa ibaba.

Bahagi 2 –

- Kung **OO** ang isinagot mo sa **Tanong 1** o **Tanong 2: HUWAG PUMASOK SA TRABAHO**. At:
 - **DAPAT** mong sundin ang mga panuntunang **iniaatas** ng Direktiba sa Pag-isolate/Pag-quarantine Blg. 2020-03c/02c ng Opisyal sa Kalusugan. **Sundin ang Mga Hakbang sa Pag-isolate/Pag-quarantine** sa: www.sfcddcp.org/Home-Isolation-Quarantine-Guidelines
 - Huwag bumalik sa trabaho hanggang sa sabihin sa Mga Hakbang sa Pag-isolate o Pag-quarantine na ligtas nang bumalik!

ATTACHMENT A-1: Form sa Pag-screen ng Mga Tauhan

(Setyembre 16, 2020)

- Kung **OO** ang isinagot mo sa **Tanong 3**: Posibleng mayroon kang COVID-19 at **dapat na masuri para sa virus** bago bumalik sa trabaho. Kung hindi magpapasuri, dapat kang tratuhin ng Negosyo bilang positibo sa COVID-19 at atasang huwag pumask nang hindi bababa sa **10** araw. Para makabalik sa trabaho nang mas maaga at para maprotektahan ang iba, **sundin ang mga hakbang na ito**:
 1. **MAGPASURI!** Kung mayroon kang insurance, makipag-ugnayan sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa pagsusuri sa COVID-19. Kung wala kang insurance, puwede kang mag-sign up para sa libreng pagsusuri sa CityTestSF (<https://sf.gov/citytestsf>). Kung nakatira ka sa labas ng Lungsod, maaari kang magtanong sa county kung saan ka nakatira, magpasuri sa iyong karaniwang provider ng pangangalagang pangkalusugan, o gamitin ang CityTestSF.
 2. Hintayin ang mga resulta sa bahay at sundin ang mga tagubilin sa www.sfcddcp.org/Home-Isolation-Quarantine-Guidelines para matukoy ang mga susunod na hakbang. Bumalik lang sa trabaho kapag sinasabi na sa mga alituntuning ito na ligtas nang lumabas.

Pakitandaan: Mahalaga ang mga bakuna para sa trangkaso sa paglaban sa COVID-19 sa pamamagitan ng (1) pagpapanatiling malusog ng mga manggagawa at komunidad (2) pagbabawas ng problema sa ating mga sistema ng pangangalaga sa kalusugan at pagsusuri na tumutugon sa COVID-19. **Ang mga mas matanda sa 6 na buwan ay lubos na hinihikayat na magpabakuna para sa trangkaso.** Alamin kung paano makakuha nito sa www.sfcddcp.org/flu.